# FIND YOUR PARTNER

El Shaddai Gospel Music Ministry
©Bro. Abelardo “Jojo” Ingan Jr.

Find your partner
ayon sa ating Servant Leader
At sa ating pagpalakpak,
lahat tayo’y nagagalak
Sa Diyos tayo’y umasa at sumampalataya
At lahat ng ating hihilingin
Ngayon na,
Ngayon na,
Ating tatanggapin

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# DAKILANG YAHWEH

PFCC Pampanga
©Bro. Prinshamir Elim Cabote

VERSE I:
Nasa langit ang kanyang kaharian
Nasa lupa ang kanyang pagpapagal
Kaya't kami'y magpupuri at sasayaw
Kahit na may hadlang ay di bibitaw

CHORUS:
Sinasamba natin ang ngalan niya
Ihahayag ang kabutihan niya
Isisigaw ang pangalan niya
Na si Yahweh ang ating Diyos ama

VERSE II:
Lahat ng bagay na nakikita mo
Salita niya kaya ito'y naririto
Kahit anong hiling ang ninanais mo
Tiyak tinugon na tayo sa oras na ito

BRIDGE:
Sumayaw ng sumayaw oh bayan ni Yahweh
Umindak ng umindak ng buong pagsamba
Lumundag ng lumundag mga lingkod ni Yahweh
Isigaw ng buong galak ang ngalan ni Yahweh

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# MAGANDA ANG BUHAY

PFCC Cavite
©Bro. Walter Catalan

CHORUS:
Magandang buhay, kaloob ni El Shaddai
Sa lahat ng nagmamahal sa kanyang tunay
Masaganang buhay ang biyaya kay El Shaddai
Tayo'y magpuri, magpasalamat

VERSE I:
Ngayon ang buhay ay di na mangangamba
Sa iba't ibang suliranin man ang dumating
Pagtitiwala lamang sa 'ting Panginoon
Walang impossible sa Diyos

VERSE II:
Ngayon sa buhay ay laging may pag-asa
Sa anumang sitwasyong kakaharapin
Pananampalataya lamang sa 'ting Panginoon
Walang impossible sa Diyos

TULAY:
Gumaganda ang buhay
Sa ating pagsamba tayo'y mag-alay
Pagpapala ay sapat, siksik, liglig, umaapaw
Basta't kay El Shaddai maligaya ang buhay

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# HALLELUIA - GOD IS GOOD

PFCC Bulacan
©Bro. Michael G. de Roca

Katas taasang Diyos pinupuri kita
Kadakilaan mo ay wagas at wala kang katulad
Noon ngayon magpakailanman
ang pag-ibig mo ay tapat
biyaya mo'y siksik liglig nag uumapaw sa lahat

KORO:
God is good (grabe) all the time (syempre)
Halleluia(God is Good Grabe, All the time syempre)
Sumayaw..lumundag..sumigaw..purihin sya
Pumadyak..pumalakpak..itaas ang kamay.. halleluia

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# PAGSAMBANG ALAY SAYO

Manila Chapters
©Sis. Irene Arcega & Bro. Sandy Go

VERSE I:
Dinggin mo aking awit
Sa puso ko'y nakaukit
Ang ngalan mong makapangyarihan
Ikaw Hesus ang tanging daan

VERSE II:
Pasasalamat ay sayo
At papuring ianaalay ko
Kailanman ay di magbabago
Pagkat ang buhay koy laan sayo

KORO:
Gamitin mo, akayin mo
Aking paglipad tungo sayo
Purihin ka, sambahin ka
Pangalan mong wagas
Ay aking laging itataas

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# AWIT NG PAGSAMBA

TaPatPa Chapters
©Bro. Leonardo Frac Balona

VERSE I:
Aming Diyos sayo ang papuri
Sa aming pagsamba itataas kita
Kaluwalhatian mo Hesus
Higit kailan pa man
Di kayang pantayan

KORO:
Salamat Hesus sayong kabutihan
Salamat o Diyos sayong katapatan
Aming diyos pupurihin ka
Pupurihin ka (2x)
Ngayon At Kailanman

VERSE II:
Tulad ng iyong mga pangako
Salita mo'y wagas at totoo
Higit kailan pa man
Higit kanino man
Ang biyaya mo ay walang hanggan

TULAY:
Ako'y nagpupuri sayo aming hari
Ihahayag sa langit ang awit ng pagsamb
CODA:
Ngayon at kailanman (2x)

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# IKAW ANG NAG-IISA

PFCC Batangas
©Bro. Randy Hernandez

VERSE I:
Wala ng hihigit sa kabutihan mo
Walang katulad, kadakilaan mo
Ang yong kabanala'y di mapapantayan
Tanging ikaw ang Diyos na makapangyarihan
KORO:
Ikaw ang nag-iisa
Panginoon, sinasamba Diyos na dinadakila
Lahat ay luluhod, sasambang lubos
Pagkat ikaw lamang ang dakilang Diyos
VERSE II:
Pag-ibig mo o Diyos
Sa amin ay lubos
Lahat mong ginawa
Ay kalugod lugod
Sayong mga likha kami'y namangha
Kahanga-hanga ang 'yong mga gawa

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# PASASALAMAT KO'Y ALAY SA IYO

PFCC Cavite
©Sis. Mhargot Bassig

VERSE I:
Ako ay iyong pinagpala
Mula ng ikaw Hesus ay makilala
Buhay ko'y sumigla dulot ng iyong pagsinta
Ang mahina kong loob, pinatatag mong lubos
Dahil sa iyong mga salita
Lumakas aking pananampalataya
Di na halos mabilang kaloob mong pagpapala
Mula ng sayo'y magtiwala

KORO:
Pasasalamat ko'y alay sa iyo
Pananalig pagyayamanin ko
Upang pananampalataya ko'y mananatili
Ito ay aking ibabahagi

VERSE II:
Ang mga panahon na lumipas sa aking buhay
Puno ng tagumpay dahil ikaw ang gumabay
Sa bawat pagsubok kami ay hindi nalugmok
Sa mapagpala mong kamay
Iningatan an gaming buhay

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# MAGSAMA-SAMA

SaPaMaTi Chapters
©Bro. Ronald Alcantara

VERSE I:
Kay Hesus wala ng hahanapin pa
Ano man ang kailangan mo sa kanya
Kay Hesus walang hindi nya kaya
Basta't manalig ka lang sa knya (repeat)
Hohohoho….. (2x)

KORO:
Magsama-sama sambahin natin sya
Itaas at purihin natin ang pangalan nya
Magsama-sama sambahin natin sya
Itaas at purihin natin ang pangalan nya

VERSE II: (RAP)
Magsama-sama tayo ay nagkakaisa
Luzon, Visayas, Mindanao ay nagsasama-sama
Muslim ka man o kristyano'y
Tayo'y Pilipino na nagkakaisa
Si Yahweh ang sandigan na ating kinikilala
Sambahin natin sya
Itaas at purihin ang pangalan nya
Hohohoho…hohohoho…

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# ISANG BAYAN, ISANG LAHI

PFCC Rizal
©Bro. Emmanuel Christopher Agon

VERSE I:
Kay sarap umawit ang lahat ay nagkakaisa
Lalo na't sa iisang tinig pinupuri ka
Kadakilaan niya'y ihayag at sa buong mundo'y marinig
Katapatan niya'y walang makadadaig

VERSE II:
Sa silong ng langit ang lahat nagsasaya
Nakataas mga kamay at sayo'y sumasamba
Ipagsigawan ang ngalan mo
Ito ang nais ng puso at sa bayan mo ang lahat ay iisa

KORO:
Isang bayan, isang lahi, iisang minimithi
Ang magpuri sayo Yahweh
Yan ang sambit ng aming labi
Isang dugo Pilipino tayo at kristiyano
Nagsama-samang sumamba itaas ang ngalan nya
Yan ang malayang Pilipinong anak ng Diyos
Kaysarap umawit sa silong ng langit

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# PAPURI AT PAGSAMBA

LaMP Chapters
©Bro. Jordan Garvida

Panginoon ikaw ang lumikha ng lahat ng bagay sa mundo
Lubos-lubos ang pagpapala mo
Makapangyarihang Yahweh El Shaddai (2x)

KORO:
Papuri ko at pagsamba tanging sayo lamang iaalay
Ikaw lamang ang tangi kong sasambahin o Panginoon
(ikaw lamang o Diyos)2x sa buhay ko

TULAY:
Wala nang iba pang sasambahin
Wala nang iba pang mamahalin
Wala nang iba pang dadakilain
Ikaw lamang o Diyos ang sasambahin

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# LUMALAPIT SAYO

CalMaNa Chapters
©Sis. Gina Dayao

VERSE I:
Ninais kong mapalapit sa iyo
Ninais kong mapamahal sa iyo
Ang lahat ng ito’y kulang pa sayo
Sa salang nagawa ko sa mundo

VERSE II:
Ninais kong mawalay sayo
Ngunit anong kapalit ng paglayo nararanasan ko
Pasakit, kahirapan at karamdaman
Ang s’yang aking naranasan

KORO:
Lumalapit sa iyo ang puso ko
Nag nanais na ako’y mapatawad mo
Sala ko’y linisin, ako’y patawarin
Pagkat walang magagawa kung wala ka
Sa buhay
ENDING:
Sala ko’y linisin, ako’y patawarin
Pagkat walang magagawa
Kung wala ka… sa buhay ko

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# PAGBABAGO

PFCC Laguna
©Bro. Johniel Cainila

VERSE I:
Dati ang buhay ko ay walang kasing gulo
Galit at hinagpis laging nararanasan ko

VERSE II:
Lagi na lng kulang, sarili ko'y nililinlang
Ang mga sala ko ay may kapatawaran

KORO:
Ang buhay ko ay nagbago
Ng si Kristo'y dumating sa buhay ko
Ang dating sawi na ngayo'y nagging wagi
Dahil si Kristo ay nakilala ko

ENDING:
Dahil si Kristo ay nakilala ko
Salamat Kristo binago mo ako

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# DAKILA KA OH DIYOS

Quezon City Chapters
©Bro. Ruben Eñano

VERSE I:
Habang ako ay may himig
Pupurihin ka Panginoon
Habang ako ay may tinig
Aawitan ka aming Diyos
Pagkat ito ang nais ng puso ko
Na ikaw ay parangalan

KORO:
Dakila ka o Diyos walang katulad mo
Sa buhay kong itong puno ng kagalakan
Marapat lang na papurihan ang dakila mong ngalan
O Hesus minamahal kita

VERSE II:
Habang ako ay may buhay
Maglilingkod sa iyo
Habang ako ay may lakas
Iaalay ko sa iyo
Pagkat ikaw ang dahilan ng buhay ko
Marapat lang na ikaw ay sambahin

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018

# KABUTIHAN MO'Y IHAHAYAG

Youth for El Shaddai Gospel Music Ministry
©Bro. Bejay Ocfemia

VERSE:
Tinawag mo ako sa'king pangalan
Nilimo't pinatawad sa' king kasalanan
Di man karapat-dapat
Ako ay pinagpala, ako ay iniligtas
Ng pag - ibig Mong dakila

CHORUS:
Oh Diyos, ang kabutihan Mo'y ihahayag
Makapangyarihang EL SHADDAI, purihin ng lahat
Ang kabutihan Mo'y di ko lilimutin
Dumating man sa akin,maraming suliranin

BRIDGE:
Walang pagsubok ang hindi ko kakayanin
Sapagkat makapangyarihan ang aking panalangin
Di pababayaan lingkod na tapat
Dakila ka Oh Diyos, dakila sa lahat.

COPYRIGHTED MATERIAL
MGA AWITING PAPURI AT PAGSAMBA 2018